# 5 HAKBANG SA PAGHAHANDA PARA SA ANUMANG SAKUNA

## HAKBANG 1. MAKATANGGAP NG MGA ALERTO

Mag-set up ng mga tool sa iyong telepono upang makakuha ng mga alertong pang-emerhensiya at mga mensahe ng babala sa kaligtasan ng publiko kung saan ka nakatira at nagtatrabaho sa **ListosCalifornia.org/Alerts**.

## HAKBANG 2. MAGPLANO

Talakayin kung paano kayo magiging ligtas ng mga mahal mo sa buhay at kung paano ninyo mahahanap ang bawat isa.

## HAKBANG 3. MAG EMPAKE NG GO BAG

Maagang iempake ang mahahalagang dokumento. Maging handang kunin ang mga susi, pitaka, telepono at charger, gamot, at mga personal na gamit.

## HAKBANG 4. GUMAWA NG STAY BOX

Mag-empake ng mga supply para sa bawat miyembro ng iyong sambahayan upang manatiling ligtas sa bahay nang walang tubig o kuryente: pagkaing hindi masisira, tubig, mga lastic bag/balde para sa banyo, flashlight, radyo, at mga baterya.

## HAKBANG 5. TULUNGAN ANG IBA

Kumustahin ang mga kapitbahay at maging handang tumulong sa mga nangangailangan.

# MGA MAPAGKUKUNAN

**CalOES.ca.gov**
Mga gabay, alerto at mapagkukunan ng estado

**ListosCalifornia.org**
Kahandaan, pagtugon, at pagbangon sa sakuna

**CDPH.ca.gov**
Iwasan at gamutin ang mga sakit

**QuickMap.dot.ca.gov**
Pinakabagong impormasyon sa kalsada tungkol sa trapiko, mga pagsasara, chain control, at higit pa

LISTOS CALIFORNIA

# MAIKLING GABAY SA KALIGTASAN

### Bago ang, Sa Panahon, at Pagkatapos

# ng Bagyo



LISTOS CALIFORNIA

Cal OES
GOVERNOR'S OFFICE OF EMERGENCY SERVICES

# BAGO ANG ISANG BAGYO

Alamin ang iyong mga panganib. Maaaring bahain ulit ang mga lugar na binaha noon. Magplano nang maaga upang mapanatiling ligtas ang iyong pamilya.

Maaaring isara ng mga bagyo ang mga kalsada at ruta ng bus na karaniwang tinatahak mo. Mag-sign up para sa mga lokal na alertong pang-emerhensiya sa **ListosCalifornia.org/Alerts**, at matuto pa mula sa mga opisyal ng county tungkol sa mga ruta ng paglikas.

Magtipon ng pagkain, tubig, gamot, at anumang iba pang mapagkukunang maaaring kailanganin ng iyong pamilya.

Panatilihing puno ng hindi bababa sa kalahati ang tangke ng gas ng iyong sasakyan kung sakaling palikasin ka. Posibleng magkaroon ng trapiko at mga pagkaantala.

Magplano para sa mga pagkawala ng kuryente. Kumonekta sa iyong lokal na kumpanya ng utility upang makatanggap ng mga alerto o mag-sign up para sa mga espesyal na programa, lalo na kung umaasa ka sa mga medikal na aparatong pinapagana ng kuryente at mga refrigerated na gamot. Mag-charge ng mga aparato at backup na baterya.

Maghanda para sa pagbaha. Ilipat ang mahahalagang gamit tulad ng mahahalagang dokumento o alaala sa mas mataas na puwesto sa iyong bahay. Ihanda ang mga sandbag, plastic sheeting, at iba pang materyales sa pagkontrol ng baha.

Maghanda para sa malalakas na hangin. Alisin ang anumang patay na puno o nakasabit na sangang malapit sa mga istruktura at siguruhin ang mga gamit sa labas tulad ng mga basurahan at muwebles.

Makipag-usap sa mga kapitbahay tungkol sa kung paano kayo makakapagtulungan para mapanatiling ligtas ang isa't isa.

# SA PANAHON NG BAGYO

Gamitin ang mga opisyal na channel ng TV, radyo, at serbisyong pang-emerhensiya ng county upang makuha ang impormasyong iyong kailangan upang maging ligtas.

Sundin ang mga tagubilin mula sa mga awtoridad upang lumikas o sumilong sa kinalalagyan mong lugar. Kung kailangan mong lumikas, tandaang pinagsisilbihan ng mga pampublikong kanlungan ang lahat at walang sinuman ang puwedeng humingi sa iyo ng ID. May ilang kanlungang mas mahusay na mapaglilingkuran ang mga taong may mga alagang-hayop.

Kung naglabas ng abiso sa flash flood, hindi ito nangangahulugang magkakaroon ng baha, maaari lang itong mangyari. Seryosohin ito. Maaaring mabilis na mangyari ang mga flash flood.

Kung nakulong ka sa loob dahil sa tubig baha, lumipat sa mas matataas na palapag o bubong, pero huwag sa mga attic. Tumawag sa 911.

Huwag kailanman maglalakad o magmamaneho sa baha. Maaaring mas malalim ang baha kaysa sa iniisip mo at maaaring tangayin ka nito o ang iyong sasakyan. Mapapatumba ka ng kahit 6 na pulgada lang ng tubig. Mapapalutang ng kahit 12 pulgada lang ng tubig ang maraming sasakyan.

Kung nasa labas ka sa panahon ng bagyo, humanap kaagad ng kanlungan. Lumayo sa mga puno at linya ng kuryente, higit na bantayan ang mga lumilipad na piraso ng anumang materyales.

Huwag kailanman lalapit sa mga natumbang linya ng kuryente. Kung may mahuhulog na linya ng kuryente sa iyong sasakyan, tumawag sa 911 at manatili sa loob hanggang sa maalis ito ng mga sinanay na tauhan.

Limitahan ang pagbiyahe sa mga nagyeyelo at may niyebeng kalsada. Kung kailangan mong bumiyahe, ipaalam sa isang tao kung saan ka pupunta upang malaman niya kung saan ka hahanapin sa isang emerhensiya. Kung hindi ka makausad, tumawag sa 911 at huwag iwanan ang iyong sasakyan.

Huwag gumamit ng gas stove o oven upang painitin ang iyong bahay. Sa labas lang gumamit ng generator, hindi bababa sa 20 talampakan mula sa mga pinto at bintana. Huwag gagamit ng mga generator sa mga basang kondisyon. Huwag kailanman gagamit ng generator sa loob ng bahay. Makakapatay ang nakalalasong tambutso nito sa loob ng ilang minuto.

# PAGKATAPOS NG BAGYO

Kung lumikas ka, maghintay hanggang sa sabihin ng mga opisyal na ligtas nang umuwi. Kung hindi ka makakauwi, maghanap ng ligtas na kanlungan sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa mga lokal na opisyal.

Huwag kailanman magmamaneho sa paligid ng mga barikada. Ginagamit ng mga lokal na tagatugon ang mga ito upang ligtas na idirekta ang trapiko palayo sa mga binahang lugar o kung naharangan o sarado ang mga daan dahil sa gumuhong semento, piraso ng anumang materyales, o natumbang linya ng kuryente.

Iwasang madikit sa baha. Ang baha ay maaaring maglaman ng mga kemikal o basurang posibleng makapagdulot sa iyo at sa iyong mga alagang-hayop na magkasakit.

Mag-ingat sa mga mudslide sa mga lugar na may basang lupa. Maaaring mangyari ang mga mudslide at debris flow kahit ilang araw pagkatapos tumigil ang ulan. Kung may nangyaring mudslide, iwasan ang lugar. Makinig sa mga awtoridad at sundin ang mga opisyal na detour.

Magdokumento at kumuha ng mga larawan kung mayroon kang ari-ariang nasira sa bagyo. Maghanap ng iba pang mapagkukunan sa pagbangon sa mga website ng gobyerno.